



**Estado ng Hawaii  
Opisina ng Karapatan sa Wika  
(Office of Language Access)**

**Abiso sa Mga Indibidwal na Nagsasampa ng Reklamo**

May karapatan ang mga indibidwal na Limited English Proficient (LEP, Limitado ang Kasanayan sa Ingles) na magamit ang mga serbisyo, programa at aktibidad na ibinibigay ng mga ahensya at iba pang opisina ng gobyerno na tumatanggap ng pondo mula sa Estado o pederal. Maaaring maghain ng reklamo sa Office of Language Access (OLA) ang sinumang taong LEP na tinaggihang bigyan ng mga serbisyo ng tulong sa wika ng anuman sa mga ahensya o opisinaang ito.

**Pagsasampa ng Reklamo.** Upang maghain ng reklamo, maaaring gamitin mo o ng iyong awtorisadong kinatawan ang pormularyo ng Reklamo na makukuha sa nasasagutang format sa:

<https://health.hawaii.gov/ola/files/2020/08/TAG-Complaint-Form.pdf>

Upang humingi ng papel na kopya ng pormularyo, o kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot ng pormularyo, tawagan ang OLA sa (808) 586-8730 o 1 (866) 365-5955 para sa Neighbor Islands; o mag-email sa [doh.ola@doh.hawaii.gov](mailto:doh.ola@doh.hawaii.gov)

**Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, magbibigay ang OLA ng tagasalin na wala kang babayaran.**

Impormasyong kailangan sa pormularyo:

- Pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan at lagda ng taong nagsasampa ng reklamo
- Petsa kung kailan naganap ang problema
- Pangalan ng ahensya kung saan naganap ang problema
- Pangalan ng taong kasangkot noong naganap ang problema
- Detalyadong paglalarawan ng problema

**Kailan Maghahain.** Dapat ihain ang iyong reklamo sa OLA sa lalong madaling panahon o sa loob ng makatuwirang panahon pagkatapos maganap ng problema.

**Saan Maghahain.** Ibalik ang nakumpleto at nilagdaang pormularyo sa personal o sa pamamagitan ng pagpapadala o pag-email sa:

Office of Language Access  
1250 Punchbowl Street, Room 201  
Honolulu, Hawaii 96813  
E-mail: [doh.ola@doh.hawaii.gov](mailto:doh.ola@doh.hawaii.gov)

**Imbestigasyon.** Susuriin at iimbestigahan ng isang kinatawan mula sa OLA ang iyong reklamo at makikipagtulungan siya sa iyo at sa ahensya upang resolbahin ang problema gamit ang mga hindi pormal na paraan gaya ng pagtatalakay, pag-aareglo, pamamagitan o paghihikayat.

**Pahintulot na Magpalabas ng Impormasyon.** Upang matulungan ang OLA sa pag-imbetiga sa iyong reklamo, maaaring kailanganin mong sagutan at lagdaan ang isang pormularyo ng Pahintulot na Magpalabas ng Impormasyon na makukuha sa nasasagutang format sa:

<https://health.hawaii.gov/ola/files/2020/08/TAG-Consent-to-Release.pdf>

**Abiso.** Ipapaalam sa iyo ng OLA kapag natanggap na ang iyong reklamo at aabisuhan ka sa resulta ng imbestigasyon, at kung anong aksyon ang ginagawa upang resolbahin ang problema.

**Pagbawi ng reklamo.** Maaari mong bawiin ang iyong reklamo anumang oras sa pamamagitan ng pagsusumite ng pormularyo ng Pagbawi ng Reklamo na makukuha sa nasasagutang format sa:

<https://health.hawaii.gov/ola/files/2020/08/TAG-Withdrawal-Complaint.pdf>

**Karapatan sa pagkatawan.** May karapatan kang katawanin ng isang abugado o iba pang indibidwal na pipiliin mo. Gayunpaman, sa ilalim ng Language Access Law (HRS 321C, Batas sa Access sa Wika) ng Hawaii, hindi ka maaaring maghain ng demanda sa OLA. Susubukan ng OLA na resolbahin ang iyong reklamo gamit ang pagtatalakay, pag-aareglo, pamamagitan, paghihikayat o iba pang mga hindi pormal na paraan.

**Reklamo ng Diskriminasyon.** Bagama't hindi ka maaaring maghain ng demanda sa OLA, maaari kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa mga ahensya ng gobyerno na nakalista sa ibaba.

#### Estado ng Hawaii

**Office of the Ombudsman  
(Opisina ng Ombudsman)**

465 S. King Street, 4<sup>th</sup> Floor  
Honolulu, HI 96813  
Telepono: (808) 587-0770 (Voice)  
Fax: (808) 587-0773  
TTY: (808) 587-0774  
E-mail: [complaints@ombudsman.hawaii.gov](mailto:complaints@ombudsman.hawaii.gov)

**Hawaii Civil Rights Commission  
(Komisyon ng Mga Karapatang Sibil  
ng Hawaii)**

830 Punchbowl Street, Room 411  
Honolulu, HI 96813  
Telepono: (808) 586-8636 (Voice/TTD)  
Fax: (808) 586-8655  
E-mail: [dlir.hcrc.infor@hawaii.gov](mailto:dlir.hcrc.infor@hawaii.gov)

#### Pederal

**U.S. Department of Justice (Departamento ng Hustisya ng Estados Unidos)**

Civil Rights Division (Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil)  
Federal Coordination and Compliance Section (Seksyon  
ng Pakikipagtulungan at Pagsunod sa Federal) – NWB  
950 Pennsylvania Avenue, N.W.  
Washington, D.C. 20530  
Telepono: (888) 848-5306 - Ingles at Español  
(202) 307-2222 (voice)  
(202) 307-2678 (TDD)